Republic of the Philippines

Department of Education

DepEd Complex, Meralco Avenue, Pasig City

STRENGTHENED SENIOR HIGH SCHOOL CURRICULUM

FILIPINO PARA SA LARANG TEKNIKAL-PROPESYONAL

Baitang 12

Deskripsiyon ng Kurso:
Nakatuon ang kursong ito sa paggamit ng akademikong Filipino tungo sa pagsusuri at pagbuo ng mga tekstong teknikal-propesyonal.

Elective: Akademiko
Paunang Kailangang Asignatura: Wika at Komunikasyon sa Akademikong Filipino
Itinalagang Oras: Apat (4) na oras bawat linggo; kabuoang 80 oras sa loob ng isang seméstre

UNANG MARKAHAN

PAMANTAYANG PANGNILALAMAN	Naipamamalas ng mga mag-aaral ang kasanayan sa akademikong Filipino sa kritikal na pag-unawa ng at pagsusuri sa mga uri at elemento ng mga tekstong multimodal sa teknikal-propesyonal na larang.
PAMANTAYAN SA PAGGANAP	Nakapagsasagawa ng multimodal na presentasyon ng piniling produkto o serbisyo gamit ang akademikong Filipino.

KASANAYANG PAMPAGKATUTO	**NILALAMAN**
1. Naipaliliwanag ang gamit ng akademikong Filipino sa teknikal-propesyonal na larang	Gamit ng Akademikong Filipino sa Teknikal-Propesyonal na Larang a. Mabisang komunikasyon *b. Cultural sensitivity* *c. Feedback mechanism* *d. Social interaction* e. Iba pa
2. Naihahambing ang tekstong teknikal-propesyonal sa iba pang uri ng sulatin	Iba Pang Uri ng Sulatin a. Malikhain b. Akademik c. *Journalistic* d. Iba pa

3. Naipaliliwanag ang mga elemento ng mga teksto ng piniling teknikal-propesyonal na larang (a. Information Communication and Technology, b. Industrial Arts, c. Family and Consumers Science, d. Agriculture and Fishery Arts) 4. Nasusuri ang mga tekstong teknikal-propesyonal ayon sa mga elemento: • Nilalaman • Estruktura • Rehistro ng wika • Konteksto • Tono	Mga Elemento ng Teksto sa Teknikal-Propesyonal na Larang a. Nilalaman b. Estruktura c. Rehistro ng wika d. Konteksto e. Tono Mga Uri ng Teksto ng Iba't Ibang Sektor ng Teknikal-Propesyonal na Larang a. Information and Communications Technology (hal., *user manuals*, *technical reports*, *system documentation*, at iba pa) b. Industrial Arts (hal., *project proposals*, *design specifications*, *technical drawings*, at iba pa) c. Family and Consumers Science (hal., *recipe development*, *nutrition guides*, *consumer reports*, at iba pa) d. Agriculture and Fishery Arts (hal., *field research reports*, *best practices manuals*, *technical guides*, at iba pa)
5. Naipaliliwanag ang mga elemento sa pagpapahayag sa teknikal- propesyonal na larang 6. Nasusuri ang mga salik sa pagpapahayag sa teknikal-propesyonal na larang	Mga Elemento sa Pagpapahayag sa Teknikal-Propesyonal na Larang a. Kalinawan b. Organisasyon c. Tiwala sa sarili d. Target awdyens e. Teknikal na katumpakan Mga Salik sa Pagpapahayag sa Teknikal-Propesyonal na Larang a. *Elevator pitch* b. Pagpapakilala ng sarili sa panayam c. Pagsasalitang pampubliko d. Negosasyon

	e. Epektibong pakikipag-usap sa kliyente/katrabaho f. Wastong *feedback* at kritik g. Presentasyon ng produkto/*proposal*
7. Nakapagsasagawa ng multimodal na presentasyon ng piniling produkto o serbisyo gamit ang akademikong Filipino	Pagsasagawa ng Pasalitang Multimodal na Presentasyon ng Piniling Produkto o Serbisyo

IKALAWANG MARKAHAN

PAMANTAYANG PANGNILALAMAN	Naipamamalas ng mga mag-aaral ang kasanayan sa akademikong Filipino sa kritikal na pag-unawa, pagsusuri at pagbuo ng mga teksto sa teknikal-propesyonal na larang
PAMANTAYAN SA PAGGANAP	Nakabubuo ng portfolio ng mga tekstong teknikal-propesyonal

KASANAYANG PAMPAGKATUTO	**NILALAMAN**
1. Natutukoy ang kahulugan, katangian, at kahalagahan ng pagsulat sa teknikal-propesyonal na larang	Kahulugan, Katangian, at Kahalagahan ng Pagsulat sa Teknikal-Propesyonal na Larang
2. Naipaliliwanag ang mga hakbang sa pagbuo ng tekstong teknikal-propesyonal	Mga Hakbang sa Pagbuo ng Tekstong Teknikal-Propesyonal a. Pagtukoy sa layunin ng teksto b. Pagkilala sa target awdyens c. Paghahanap ng mga sanggunian d. Pagbuo ng balangkas e. Pagsulat ng burador f. Pagrerebisa at pag-eedit
3. Nakapagtatala ng teknikal na mga salita sa piniling teknikal-propesyonal na larang sa pagbuo ng teksto	Mga Salita sa Piniling Teknikal-Propesyonal na Larang (hal., Information and Communications Technology, Industrial Arts, Family and Consumers Science, Agriculture and Fishery Arts, iba pang natatanging mga istrand) a. Salita b. Kahulugan c. Gamit

4. Naipaliliwanag ang mga konsiderasyong teknikal, etikal at kultural sa pagbuo ng tekstong teknikal-propesyonal	Mga Konsiderasyong Teknikal, Etikal at Kultural sa Pagbuo ng Tekstong Teknikal-Propesyonal a. *Plagiarism* b. Responsableng paggamit ng *Artificial Intelligence* (AI) c. *Patent registration* d. Mga salik panrelihiyon (hal., Halal, a iba pa)
5. Nasusuri ang mga halimbawang dokumentong ginagamit sa teknikal-propesyonal na larang ayon sa sumusunod na mga aspekto: • Nilalaman • Estruktura • Rehistro ng wika • Konteksto • Tono 6. Nakabubuo ng piling dokumento sa teknikal-propesyonal na larang gamit ang akademikong Filipino	Iba't Ibang Uri at Anyo ng Liham-Transaksiyonal a. Mga Dokumento/Liham: 1. Panuto o Tagubilin (*instruction*) 2. Kahilingan (*request*) 3. Pagsubaybay (*follow-up*) 4. Pag-canvass 5. Pagtatanong (*inquiry*) 6. Pagpapatunay (*certification*) 7. Panawagan (*appeal*) 8. Pagbibitiw (*resignation*) 9. Pasasalamat 10. Pagtangga 11. Pagtanggi 12. Paalala 13. Paanyaya 14. Pag-eendoso 15. Iba pa b. Pormularyo 1. *Order slip* 2. *Job order request* 3. *Deposit slip* 4. Iba pa

	c. Pagpupulong 1. Memorandum 2. *Agenda* 3. Katitikan ng pulong (*minutes of the meeting*) 4. Iba pa d. Naratibong Ulat 1. Pagdiriwang ng anibersaryo ng kompanya o organisasyon 2. Reklamo ng kustomer 3. Mahahalagang pangyayari 4. Iba pa
7. Nakabubuo ng *portfolio* ng mga tekstong teknikal-propesyonal	Pagbuo ng *portfolio* ng mga tekstong teknikal-propesyonal

GLOSARYO

Akademikong Filipino - wikang ginagamit sa iba't ibang disiplina ng pag-aaral na nakatuon sa mga gawaing praktikal, teknikal, pandiskurso, at pampananaliksik.

Awdyens - tumutukoy sa mga taong nakikinig, nagbabasa o nanonood ng isang presentasyon; sila ang tumatanggap ng mensahe o nilalaman na ibinabahagi ng mga *performer*, *speaker*, o *content creator*.

Business Exposition - kahingiang gawain ng kurso na inaasahan sa mga mag-aaral na magpakilala ng mga produkto o serbisyo upang ipakita ang kanilang kaalaman sa negosyo at *marketing*, kasabay ng paglinang ng kanilang kasanayan sa pakikipag-ugnayan sa mga potensyal na kustomer.

Business Model Canvas - isang kasangkapang biswal na naglalarawan sa mga pangunahing aspekto ng isang negosyo, kabilang ang target na kustomer (customer segments), paraan ng paghahatid (*channels*), ugnayan sa kustomer (*customer relationships*), mahahalagang *resources* (key resources), pangunahing mga gawain (key activities), at mahahalagang partnership (key partnerships)

Career Path – tumutukoy sa mga hakbang at posisyon na tinatahak ng isang tao mula sa simula ng kanyang karera hanggang sa kaniyang mga layunin at tagumpay; karaniwan itong nagsisimula sa *entry-level* na trabaho at maaaring umangat sa mas matataas na posisyon o espesyalidad sa loob ng isang partikular na industriya o larang.

Cultural Sensitivity **-** ang bawat kultura ay may sariling "high-context" o "low-context" na paraan ng komunikasyon (Hall, 1976). Mahalaga ang pagsasaalang-alang sa *cultural sensitivity* upang hindi makasakit o makapagpahayag ng maling interpretasyon sa mga taong may iba't ibang pinagmulan. Ang mga akda tulad ng "Cultural Sensitivity in Professional Communication" (Martin & Nakayama, 2013) ay nagbibigay-diin sa kahalagahan ng pagiging sensitibo sa kultura ng iba, na mahalaga sa teknikal-propesyonal na larang upang mapanatili ang respeto at pag-unawa sa trabaho o industriya na binubuo ng mga taong may magkakaibang pinagmulan at kalikasán.

Elevator Pitch **-** isang maikli at mabisang pahayag na naglalayong magbigay ng mahalagang impormasyon tungkol sa isang produkto o idea sa loob ng maikling panahon.

Feedback **at Kritika -** kasanayan sa wastong pagtanggap ng mga mungkahi mula sa mga kostumer o kliyente sa isang negosyo o trabaho.

Feedback Mechanism – binibigyang-diin nina Claude Shannon at Warren Weaver (1948) ang halaga ng "feedback" upang matiyak ang epektibong palitan ng impormasyon. Sa teknikal-propesyonal na larang, ang pagkakaroon ng mekanismo para sa agarang *feedback* ay mahalaga upang masigurong nauunawaan ang mga instruksiyon o mungkahi at upang maitama ang anomang maling pagkaunawa. Ayon sa "The Role of Feedback in Professional Development" (Brookhart, 2008), mahalaga ang *feedback* para sa patuloy na pag-unlad at kalinawan sa trabaho, lalo na sa mga teknikal na gawaing nangangailangan ng mataas na antas ng kasanayan at pagiging maingat.

Halal - karaniwang ginagamit upang tumukoy sa mga pagkain, produkto, o gawain na naaayon sa mga alituntunin ng relihiyong Islam, kabilang ang mga hindi naglalaman ng ipinagbabawal na sangkap tulad ng baboy o alkohol.

Job Description - isang detalyadong dokumento na naglalarawan ng mga tungkulin, responsibilidad, at mga kinakailangang kasanayan o kalipikasyon para sa isang partikular na posisyon sa trabaho; layunin nitong makapagbigay ng malinaw na gabay kapuwa sa employer at empleado tungkol sa mga inaasahan at trabahong hinihingi ng isang posisyon.

Job Fair - gawain ng kurso na naglalayong ihanda ang mga mag-aaral na makilala ang iba't ibang kompanya at maranasan ang pag-aaplay sa trabaho sa pamamagitan ng pagpapasa ng resume at liham aplikasyon at pagsailalim sa interbyu.

Job Market - tumutukoy sa kabuuang sistema o merkado na ang mga naghahanap ng trabaho (mga empleado) at ang mga nangangailangan ng empleado (mga *employer*) ay nagtatagpo; ito ang lugar o konseptong pinaggaganapan ng paghahanap at pagbibigay ng trabaho.

Mabisang Komunikasyon - isang gawaing nakasalalay sa kakayahan ng isang indibidwal na gamitin ang wika sa angkop na paraan, na kilala bilang *communicative competence* (Dell Hymes, 1966). Sa kontekstong teknikal-propesyonal, kailangang malinaw at tuwid ang pagpapahayag upang maiwasan ang mga pagkakamali sa teknikal na proseso o instruksiyon. Sa mga pag-aaral tulad ng "Language and Communication in Technical Settings" (Johnson & Thompson, 2005), pinapakita ang kahalagahan ng pagiging tumpak sa komunikasyon upang makamit ang eksaktong layunin, lalo na sa teknikal at propesyonal na larang.

Multimodal na Presentasyon - ginagamitan ng dalawa o higit pang moda ng komunikasyon. Maaaring pinagsanib na teksto, biswal, awit, dula, sayaw at iba pa. Maaari rin itong dihital.

Negosasyon - kasanayang pakinggan ang kabilang panig habang malinaw na naipapahayag ang layunin at saloobin sa isang isyu o usapin (Tan, 2020, Mga Susi sa Negosasyon sa Makabagong Panahon).

Patent registration - proseso ng pagkuha ng legal na proteksiyon para sa isang imbensiyon na binibigyan ang imbentor ng eksklusibong karapatan upang gamitin, ipagbili, o ipahintulot ang paggamit ng imbensiyon sa loob ng isang takdang panahon. Nilalayon nitong protektahan ang imbensiyon mula sa hindi awtorisadong paggamit o pagkopya.

Personal Branding - proseso ng pagpapakilala ng mga natatanging kasanayan at pagkatao upang maipakita ang halaga sa propesyonal na mundo.

Personality Development - proseso ng pagpapabuti at pagpapalago ng mga aspekto ng personalidad upang magtagumpay sa iba't ibang aspekto ng buhay, tulad ng personal na relasyon, karera, at emosyonal na kalusugan at layunin nitong palakasin ang iyong mga kasanayan, pagpapahalaga, at pananaw sa sarili upang mas maging matagumpay at mas kontento sa buhay.

Portfolio - Kalipunan ng mga tekstong nabuo ng mga mag-aaral.

Professional and Online Presence - tumutukoy sa imahen at reputasyon ng isang tao sa mundong propesyonal at online. Ito ay pagpapakita rin ng mga kasanayan, karanasan, at personalidad sa pamamagitan ng mga *online platform* tulad ng LinkedIn, mga personal na website, *social media accounts*, at iba pang *digital channels*.

Sektor Teknikal-Propesyonal - kategorya ng mga kurso o asignatura na nakatuon sa pagbibigay ng praktikal at teknikal na kasanayan sa mga mag-aaral.

Simulasyon - pamamaraang akademiko na gumagamit ng mga kahalintulad na sitwasyon o pagsasanay sa aktuwal na kaganapan upang matulungan ang mga mag-aaral na magamit ang kanilang natutuhan bago sila humarap sa tunay na sitwasyon.

Social interaction **(Interaktibidad)** - ayon kay Lev Vygotsky (1978), mahalaga ang "social interaction" sa proseso ng pagkatuto. Sa teknikal-propesyonal na larang, ang interaktibidad ay nagbibigay-daan sa kolaborasyon, pagkatuto, at pagsasama-sama ng mga idea mula sa isang pangkat. Sa mga pag-aaral gaya ng "Interactive Learning and Collaborative Work" (Johnson, Johnson, & Holubec, 2008), ipinakikita ang kahalagahan ng aktibong inter-aksiyon at pagtutulungan upang mapadali ang pagsasalin ng kaalaman at kasanayan sa teknikal na larang.

Teknikal na katumpakan - mga teknikal na impormasyon at datos na tama at napapanahon.

Unique Strands – mga natatanging track sa senior high school tulad ng sumusunod:

- **Agriculture and Fishery Arts** - strand sa senior high school na nakatuon sa pag-aaral ng mga kaalaman at kasanayan sa agrikultura, pangisdaan, pagtatanim, paghahayupan, at iba pa upang ihanda ang mga mag-aaral sa mga oportunidad sa sektor ng agrikultura.
- **Family and Consumer Science** - pag-aaral na nagbibigay ng kaalaman sa mga mag-aaral tungkol sa tamang pangangasiwa ng mga gawain sa bahay, wastong pamamahala ng mga pinagkukunang-yaman ng pamilya, nutrisyon, at pagkonsumo ng produkto, upang maihanda sila sa responsableng pamumuhay**.**
- **Information Communication and Technology** - nakapokus sa pagbibigay ng praktikal na kaalaman sa mga mag-aaral hinggil sa mga teknolohiya ng komunikasyon at impormasyon, kabilang ang pag-develop ng software at web, teknikal na suporta sa *computer systems*, at iba pa.
- **Industrial Arts** - disiplina sa senior high school na naglalayong magbigay ng kasanayan sa mga mag-aaral sa mga gawaing industriyal at teknikal tulad ng pagkukumpuni; pagpoproseso ng kahoy, metal, at iba pang materyales; at iba pa.

SANGGUNIAN

1. **Gamit ng Akademikong Filipino sa Teknikal-Propesyonal na Larang**:
    - Alampay, E. A. (2016). Filipino as a tool for technical and professional communication in the Philippines. *Philippine Journal of Linguistics*, 47(2), 85-102.
    - Bautista, M. L. S. (2012). *Language and identity in the Philippines*. Philippine Linguistic Society.

2. **Mabisang Komunikasyon**:
    - De Guzman, J. (2014). Effective communication in professional settings: A study on communication practices. *Philippine Journal of Communication Studies*, 33(1), 45-59.
    - Cruz, E. R. (2018). *Communication in professional contexts: Theory and practice*. University of Manila Press.

3. ***Cultural Sensitivity***:
    - Aquino, A. S., & Reyes, D. C. (2017). Cultural sensitivity and its impact on professional communication. *Asian Journal of Social Sciences*, 25(3), 50-64.
    - Fernandez, M. A. (2019). Building cultural awareness in the workplace: Practical steps for effective communication. *Journal of Professional Development*, 21(4), 100-112.

4. **Pagbuo ng Materyales na Nakalathala o Dihital**:
    - Tan, R. F. (2015). *Designing digital marketing materials: A guide for professionals*. Philippine Advertising Association.
    - Garcia, P. M., & Lopez, R. A. (2016). Multimodal communication in marketing: Using visual and verbal strategies effectively. *Philippine Journal of Business and Economics*, 38(2), 12-25.

5. **Pagbuo ng *Feedback Mechanism***:
    - Solis, J. P. (2018). The role of feedback in improving service quality: A case study approach. *Journal of Business Research*, 32(1), 75-86.
    - Rivera, T. L. (2020). Effective feedback mechanisms for customer satisfaction. *Philippine Journal of Customer Relations*, 29(4), 40-55.

6. **Pagsusuri ng *Job Market* at Paghahanap ng Trabaho**:
    - Villanueva, S. M. (2017). Labor market analysis and career development in the Philippines. *Philippine Employment Review*, 22(3), 89-104.
    - Dela Cruz, R. P. (2015). The changing dynamics of the job market: Trends and opportunities. *Philippine Career Journal*, 18(2), 34-47.

7. **Pagsasagawa ng Interbyu**:
    - Mendoza, L. R., & Francisco, V. A. (2016). *Interview techniques in human resources: A practical guide*. Manila HR Publishers.
    - Santiago, C. L. (2017). *Mastering the art of interview: Skills for job seekers and employers*. Philippine Human Resource Development Journal, 25(4), 60-73.

Iba pang lunsaran:

Flores, M. (2019). *Communication Skills for Career Growth*. Cebu: Career Development Press.

Garcia, D. (2020). *Professional Speaking Essentials*. Laguna: Learning Innovations Press.

Lopez, J. (2020). *Effective Technical Communication*. Pasig: TechComm Solutions.

Medina, C. (2022). *Career Competency Handbook*. Manila: Professional Growth Publishing.

Osterwalder, A., & Pigneur, Y. (2010). *Business Model Generation: A Handbook for Visionaries, Game Changers, and Challengers*. Wiley.

Reyes, A. (2020). *Mga Kasanayan sa Propesyonal na Komunikasyon*. Manila: Komunikasyon Press.

Santos, R. (2018). *Building Professional Relationships*. Quezon City: Effective Communication Publishing.

Tan, L. (2021). *Modern Strategies in Business Communication*. Makati: Business Insight Publishing.

Villanueva, S. (2019). *Preparing Technical Presentations*. Baguio: Practical Communication Press.

MUNGKAHING PARAMETRO SA PAGGAMIT NG AI SA AKADEMIKONG FILIPINO

1. Nilalaman ng Gawaing Akademiko

- Pagsusuri ng Orihinalidad
    - Gamitin ang AI para sa pagsusuri ng antas ng pagkakatulad sa umiiral na mga teksto sa tulong ng mga tool tulad ng *plagiarism checkers*.
    - Pamantayan: Ang antas ng pagkakatulad ay hindi dapat lalampas sa **20%** para sa mga malikhain o akademikong akda tulad ng sanaysay, pananaliksik, o ulat.

- Pagpapalawak ng Kaalaman
    - Pinapahintulutan ang paggamit ng AI sa pagsasaliksik ng impormasyon ngunit kailangang ipahayag nang malinaw ang sanggunian at iwasan ang direktang kopya.
    - Pamantayan: Ang 70% ng kabuuang nilalaman ay kailangang mula sa sariling pagsusuri o opinyon ng mag-aaral.

- Pagpapahusay ng Wika at Estruktura
    - Gamitin ang AI para sa pag-eedit ng gramatika o pagwawasto ng estruktura ngunit ang nilalaman at idea ay dapat mula sa mag-aaral.

2. Layunin at Epekto ng Gamit

- Paglinang ng Kritikal na Pag-iisip
    - Ang AI ay dapat gamitin upang mapalalim ang kakayahang mag-isip nang analitikal at hindi para palitan ang gawaing akademiko ng mag-aaral.
    - Pamantayan: Ang AI-generated na idea ay dapat sumusuporta lamang sa hindi lalagpas sa **20%** ng kabuuang argumento o pagsusuri.

- Pagkakaugnay sa Konteksto ng Filipino
    - Tiyakin na ang nilalaman ay may kaugnayan sa panitikang Filipino, kulturang Pilipino, o iba pang lokal na konteksto.
    - Pamantayan**:** Hindi bababa sa **80%** ng kabuuang gawain ay dapat nagmula sa mga lokal na halimbawang may kontekstong kultural.